

Ang mga pagbabago ay parating sa MLK Jr Way S

Ang aming proyekto ay ginabayan ng plano ng Seattle's Vision Zero upang maiwasan ang malubhang banggaan sa pamamagitan ng pagdidisenyo ng mas ligtas na mga kalye. Makakatulong ang proyektong ito na pamahalaan ang bilis ng pagmamaneho at hikayatin ang higit pang paglalakad at pagbibisikleta. Kapag natapos na ang konstruksyon, mapapansin ninyo ang mga sumusunod na pagbabago sa kalye:

Ang proyektong ito ay:

- Muling ididisenyo ang kalsada upang lumikha ng mas nahuhulaang paggalaw ng sasakyan.
- Magkakaroon na ng isang lane sa bawat direksyon na may center turn lane.
- Ang mga travel lane ay magpapatuloy na gamitin sa mga paggalaw ng kargamento at transit.
- Maglalagay ng mga concrete-protected bike lane sa magkabilang panig ng MLK Jr Way S at magdadagdag ng mga bagong senyales ng pag-detect ng mga bisikleta sa mga interseksyon.
- Pipintahan muli ang kalsada upang mapabuti ang pagkamadaling makita at mga kondisyon ng kaligtasan para sa mga naglalakad, sasakyan, at bisikleta.
- Aayusin o papalawakin ang mga bangketa at dadagdagan o papalawakin ang mga tawiran upang mas maihiwalay ang mga naglalakad sa trapiko.
- Magdagdag o mag-u-upgrade ng mga pedestrian walk signal at bike detection signal upang gawing mas nakikita ng mga nagmamaneho ang mga taong naglalakad at nagbibisikleta.
- I-u-upgrade ang 30 curb ramp para mapahusay ang accessibility ayon sa mga pinakabagong pamantayan ng ADA
- Babaguhin ang paradahan habang pinapanatili ang access sa mga lokal na negosyo.

Palatakdaan ng oras ng proyekto

Magsisimula ang trabaho sa Setyembre 28, 2023 at magpapatuloy hanggang 2024.

Proyekto ng Kaligtasan sa MLK Jr Way S

Ina-update namin ang disenyo ng kalye sa MLK Jr Way S upang bawasan ang mga daanan sa pagmamaneho, bumuo ng mga bagong protektadong daanan ng bisikleta, pabagalin ang mga taong nagmamaneho, palawakin ang mga bangketa, at magdagdag ng mga bagong naayon sa ADA - na curb ramp. Ang mga pagbabagong ito ay magpapahusay sa kaligtasan at pag-access sa transit at mga lokal na destinasyon para sa mga taong naglalakad, nag-rolling, nagbibisikleta, at nagmamaneho sa pagitan ng istasyon ng Mount Baker at ng hinaharap na istasyon ng Judkins Park.

SA PANAHON NG KONSTRUKSYON, MAAARI NINYONG MAASAHAN:

- Ang karaniwang oras ng trabaho ay Lunes - Biyernes, mula 7:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon.
- Pansamantalang mga pagbabago sa trapiko, upang mapaunlakan ang mga sasakyang pang-konstruksyon
- Mga pansamantalang paghihigpit sa paradahan
- Mga maiingay na aktibidad sa trabaho, tulad ng mga backup na alarm para sa kaligtasan, paggamit ng mabibigat na sasakyan, at paggamit ng mga power tool

Tingnan ang 100% na mga plano sa disenyo, alamin ang tungkol sa paparating na konstruksyon, at mag-sign up para makatanggap ng mga update sa email sa aming website ng proyekto!

<https://bit.ly/MLKSafetyUpdates>



The Levy to

MOVE SEATTLE



IMPORMASYON NG PROYECTO at KONTAK
Ching Chan, Pinuno ng Public Engagement
 (206) 450-6594
GTtoSP@Seattle.gov



Seattle
 Department of
 Transportation

